Saitama Council of Social Welfare No. 0000
2023 (Reiwa 5) / (Buwan) 0 / (Araw) 00

330-8529
4-2-65 Harigaya, Urawa-ku, Saitama-shi, Saitama
2F Sainokuni Sukoyaka Plaza

Mr. Saitama Taro

9999999 *999999999*

Saitama Prefectural Council of Social Welfare, Social Welfare Corporation
Hiroki Yamaguchi, Tagapangulo
(Hindi isinama ang opisyal na tatak)

# Gabay ukol sa Pagpapalugit sa Pagbabayad atbp. kaugnay sa Espesyal na Pautang ng Pang-emergency na Maliit na Pondo atbp.

Gabay ito tungkol sa pagpapalugit sa pagbabayad ng espesyal na pautang ng pang-emergency na maliit na pondo atbp. na ipinapautang mula sa aming organisasyon.
Maaaring **palugitan** ang pagbabayad ng mga taong namomroblema sa pagbabayad sa hinaharap. Hinihiling namin sa mga taong nagnanais ng pagpapalugit na basahin nang mabuti ang nakalakip na "Tungkol sa Paraan ng Pag-apply para sa Pagpapalugit sa Pagbabayad," at mag-apply para rito.

* **Ipinapadala rin ang notipikasyong ito sa mga taong nag-apply na para sa exemption nang walang kinalaman sa resulta ng pagsusuri.**

Mga Tala

## 1 Sa mga taong namomroblema sa pagbabayad (tungkol sa pagpapalugit sa pagbabayad)

Kahit kasong hindi naaangkop sa exemption, kung mahirap ang pagbabayad dahil nagkasakit, nawalan ng trabaho, nabawasan ng kita, at iba pang kadahilanan, maaaring **palugitan** ang pagbabayad. Hinihiling namin sa mga taong nagnanais ng pagpapalugit na basahin nang mabuti ang nakalakip na "Tungkol sa Paraan ng Pag-apply para sa Pagpapalugit sa Pagbabayad," at mag-apply para rito.

* **Para sa pagpapalugit mula sa Enero 2024 (Reiwa 6), mangyaring mag-apply nang hindi lalampas sa Nobyembre 30 (Huwebes) (balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito).**
* **Maaari ring mag-apply ang mga taong nag-aapply para sa exemption.**

## 2 Tungkol sa mga kondisyon kung saan maaaring mag-apply para sa exemption liban sa pagiging exempted sa residence tax

Kung naaangkop sa sumusunod na kondisyon **pagkatapos ng pagsisimula ng pagbabayad**, maaaring mag-apply para sa exemption.

- Kung tumanggap ng pampublikong tulong (seikatsu hogo)
- Kung inisyuhan ng sertipiko ng mental na kapansanan (Level 1) o sertipiko ng pisikal na kapansanan (Level 1 o 2)
  Mangyaring makipag-ugnayan sa mapagtatanungang nakasulat sa ibaba tungkol sa paraan ng pag-apply at mga kinakailangang dokumento.

## 3 Sa taong kasalukuyang nag-aapply para sa exemption batay sa pagiging exempted sa residence tax

Kasalukuyang sinusuri ang mga dokumentong natanggap sa inyong aplikasyon. Maaaring may pagkakaiba ayon sa panahon ng pag-apply, ngunit mangyaring unawain na ipapadala namin ang resulta ng pagsusuri nang hindi lalampas ng Disyembre 2023 (Reiwa 5).

* **Mangyaring tiyakin muli ang mga dokumento para sa aplikasyon, dahil kung may pagkukulang dito, magpapadala kami ng notipikasyon tungkol sa pagkukulang.**
  **Mangyaring makipag-ugnayan sa mapagtatanungang nakasulat sa ibaba kung may hindi malinaw na bagay.**

**[Para sa mga Katanungan]**
Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID
Saitama Prefectural Council of Social Welfare
[Numero ng Telepono] 050-2018-1839 [Oras ng Pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

# Application Form para sa Pagpapalugit sa Pagbabayad ng Espesyal na Pautang ng Pang-emergency na Maliit na Pondo atbp. sa Welfare Fund Loan System

Natiyak ko ang lahat ng mga sumusunod na item, sumasang-ayon ako sa mga ito, at nag-aapply ako para sa pagpapalugit sa pagbabayad tulad ng nakasulat sa ibaba.

A　Kung nagbigay ng desisyon ng pagpapalugit sa pagbabayad sa sistema ng espesyal na pautang na ito, sumasang-ayon ako sa pagbibigay ng aking personal na impormasyon sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan sa layunin ng paggamit nito sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng nasabing institusyon.

B　Tungkol sa isinulat kong personal na impormasyon, sumasang-ayon ako sa pagbibigay nito sa ikatlong partido sa hangganang kailangan para sa sistemang ito.

C　Sumasang-ayon ako sa pagtatanong ng inyong Council of Social Welfare sa Municipal Council of Social Welfare, institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan, lokal na pamahalaan at iba pang mga kinauukulang institusyon, at pagtanggap mula sa kanila ng aking personal na impormasyon, sa hangganang kailangan para sa sistemang ito.

Taon (sa Reiwa)　　Buwan　　Araw

Pangalan ng taong umutang ______________________________

Numero ng telepono ______________________________

*** Mangyaring siguraduhing pirmahan ng pangalan (pangalang nakasulat sa notipikasyon) ang puwang sa kaliwa.**

Sa Tagapangulo ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Dahilan ng pag-apply (Lagyan ng ☑) | ☐ ① Kung nagtamo ng pinsala sa lindol, sunog, atbp.<br>☐ ② Kung nagpapagaling sa sakit<br>☐ ③ Kung nawalan ng trabaho o umalis sa trabaho<br>☐ ④ Kung tumatanggap ng pagpapalugit sa pagbabayad ng ibang utang tulad ng scholarship, loan para sa nagnenegosyo (Hindi kasama ang housing loan.) at iba pa<br>☐ ⑤ Kung bilang resulta ng pagkonsulta sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan, tumanggap ng opinyong nararapat ang pagsasagawa ng pagpapalugit sa pagbabayad sa nasabing institusyon<br>*** Sa mga taong naglagay ng check sa ①- ⑤, mangyaring maglakip ng dokumento kung saan malalaman ang kalagayang nilagyan ng check.**<br><br>☐ ⑥ Dahilan liban sa ①- ⑤ na nakasulat sa itaas<br>*** Sa mga taong naglagay ng check sa ⑥, mangyaring siguraduhing isulat sa ibaba ang tungkol sa kalagayan kung bakit mahirap ang pagbabayad.**<br><br>Tungkol sa pamumuhay, sa kita, atbp.<br>***Mangyaring isulat nang detalyado hangga't maaari.** | | | |
| Uri ng pondo | <Pangalan ng espesyal na pautang> | | | |
| Detalye ng pautang | Halagang inutang | <Halaga ng pautang> yen | | |
| | Code ng pautang | <Code ng pondo> <Code ng pautang> | | |
| | Panahon ng pagpapalugit | 1 taon<br>*Ayon sa panahon ng pag-apply, maaaring magkaroon ng pagkakaiba sa panahon ng pagbabayad pagkatapos ng pagpapalugit na nakasulat sa ibaba. | | |
| | Panahon ng pagbabayad **bago ng pagpapalugit** | Mula sa <Araw ng pagsisimula ng pagbabayad><br><br>Hanggang sa <Deadline ng pinakahuling pagbabayad> | Panahon ng pagbabayad **pagkatapos ng pagpapalugit** | Mula sa <Araw ng pagsisimula ng pagbabayad pagkatapos ng pagpapalugit><br><br>Hanggang sa <Deadline pagkatapos ng pagpapalugit sa pagbabayad> |

*999999999*

SAMPLE

# Tungkol sa Paraan ng Pag-apply para sa Pagpapalugit sa Pagbabayad

## 1 Tungkol sa Dahilan kung Bakit Maaaring Mag-apply at mga Dokumentong Kinakailangan para sa Pagpapalugit sa Pagbabayad

| | Dahilan kung bakit maaaring mag-apply para sa pagpapalugit sa pagbabayad | Mga kinakailangang dokumento |
|---|---|---|
| ① | Kung nagtamo ng pinsala sa lindol, sunog, atbp. | Materyales kung saan makukumpirmang nagtamo ng pinsala tulad ng sertipiko ng pagkapinsala sa sakuna, sertipiko ng biktima ng sakuna, atbp. |
| ② | Kung nagpapagaling sa sakit | Materyales kung saan makukumpirmang nagpapagaling sa sakit tulad ng medikal na sertipiko, sertipiko ng karamdaman, atbp. |
| ③ | Kung nawalan ng trabaho o umalis sa trabaho | Materyales kung saan makukumpirmang nawalan ng trabaho o umalis sa trabaho tulad ng sertipiko ng pagreretiro, form ng pag-alis sa trabaho, atbp. |
| ④ | Kung tumatanggap ng pagpapalugit sa pagbabayad ng ibang utang tulad ng scholarship, loan para sa nagnenegosyo (Hindi kasama ang housing loan.) at iba pa | Materyales kung saan makukumpirmang tumatanggap ng pagpapalugit sa pagbabayad ng ibang utang |
| ⑤ | Kung bilang resulta ng pagkonsulta sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan, tumanggap ng opinyong nararapat ang pagtanggap ng pagpapalugit sa pagbabayad sa nasabing institusyon | Kasulatan ng opinyon mula sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan |
| ⑥ | Kung mahirap ang pagbabayad liban sa ①- ⑤ | Walang isusumiteng materyales<br>* **Mangyaring siguraduhing isulat ang tungkol sa kalagayan kung bakit mahirap ang pagbabayad sa "Puwang para sa dahilan ng pag-apply" sa application form.** |

* Maaari ring mag-apply ang mga taong nag-aapply para sa exemption.

## 2 Paraan ng Pag-apply

[Taong naaangkop sa ①- ⑤ na nakasulat sa itaas]
Mangyaring ipadala sa koreo ang application form at mga kinakailangang dokumentong nakasulat sa itaas.

[Taong naaangkop sa ⑥ na nakasulat sa itaas]
Mangyaring ipadala sa koreo ang application form lamang.

* **Mangyaring siguraduhing sulatan ang puwang tungkol sa kalagayan kung bakit mahirap ang pagbabayad sa application form.**

## 3 Tungkol sa Araw ng Pagsisimula ng Pagpapalugit

- **Kung may tatak-koreo na hanggang Nobyembre 30 (Huwebes) ang aplikasyon at wala itong pagkukulang, magsisimula ang pagpapalugit sa Enero 2024 (Reiwa 6).**
- **Kung may tatak-koreo mula Disyembre 1 (Biyernes) ang aplikasyon, ayon sa araw ng pagdating nito sa organisasyon namin, sunod-sunod na magbibigay ng desisyon tungkol sa araw ng pagsisimula ng pagpapalugit mula sa Pebrero 2024 (Reiwa 6).**

## 4 Tungkol sa Deadline ng Pag-apply

Hanggang sa ika-15 ng buwan bago ng buwan ng deadline ng pinakahuling pagbabayad ang deadline kung kailan maaaring mag-apply para sa pagpapalugit.

## 5 Tungkol sa Resulta ng Pagsusuri

Ipagbibigay-alam ang resulta sa kasulatan.

* Aabutin ng mga isa hanggang isa't kalahating buwan mula sa aplikasyon hanggang sa pagpapadala ng resulta.
* Maaaring makatanggap din ng notipikasyon ang taong nag-aapply para sa exemption.

**[Para sa mga Katanungan]**
Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID
Saitama Prefectural Council of Social Welfare
[Numero ng Telepono] 050-2018-1839 [Oras ng Pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html